Kadalasan, maririnig sa mga tindahan ang magkakapit-bahay, na kung saan ay naqtatalu-talo kung sino ang mas nararapat iluklok sa puwesto. May nagsasabing mas gusto niya ang artista, kasi guwapo. Sa kabila naman ay mas mahalaga sa kanya ang kandidatong may pusong makamasa. Dagdag pa rito ang mga pangako ng tumatakbo sa taong bayan na kapag siya ay nanalo ay “gagawin ko ito...”, at “Ipapatupad ko ito...”, at kung ano-ano pang matatamis na salita ang maririnig. Sadyang ang pagpili ng kandidato ngayong eleksyon ay napakahirap para sa isang taong walang alam. kung kaya’t madalas humahantong ito sa katatawanan. Ngunit sino nga ba ang naaaliiw sa katatawanang ito? Nasubukan natin ang kandidatong matalino, artista, militar at ekonomista, ngunit hindi pa rin mararamdaman ng sambayanang Pilipino ang ginhawang pangako ng mga taong minsan ay binigyan ng tiwala at respeto ni Juan Dela Cruz.

Sino nga ba ang dapat sisihin sa malawakang kahirapan ng sambayanang Pilipino? Kadalasan makikita ang mga taong diskontento sa pamahalaan na nagmamatrs sa EDSA, tangan ang kanilang mga plaka at mega-phone, sabay sigaw sa kanilang reklamo. Kadalasan ang mga senaryong ito ay nagagatungan pa ng mga taong nasa media, kunyari ay kakampi, ngunit ang talagang sadya ay maiangat lamang ang kanilang ratings. Sa panahon ng kalituhan at kahirapan sino pa ang makakapitan ni Juan Dela Cruz kung siya ay naliligiran ng mga taong manggagamit? Malamang ay wala na at tanging Diyos na lamang ang nakakaalam ng kabuan ng istorya.

Sa panahon ng kagipitan at kalituhan, wala kang ibang dapat asahan kung hindi ang iyong sarili. Madalas nating sisihin ang gobyerno sa ating kahirapan, ngunit sino nga ba ang dapat sisihin kung hindi ang ating mga sarili, dahil tayo ang nagluklok sa mga taong tinatawaq nating trapo. Ano nga ba ang tunay na sagot sa ating kahirapan, kung hindi ang tunay at tiyak na kaalaman sa mga bagay-bagay. Makikita ang tunay na kaunlaran hindi sa mga pangako ng mga taong tumatakbo ngayong eleksyon, kung hindi sa masigasig na pagsasaliksik ng katotohanan ng bawat botante.

Ang karunungan lamang ang makakapagbigay ng tunay na kalayaan sa kahirapan. Maaaring ang landas na aking tinutukoy ay naging mahaba at mabato. Ang bawat Pilipinong botante ay nararapat lamang maging mapanuri sa mga taong ihahalal nila ngayong eleksyon, sapagkat ang bawat isa sa atin ang huhubog ng bukas at tayo rin ang unkit sa kapalaran ng bawat kabataang Pilipino.

Sukatán

Nasusukat nga ba ang
pagmamahal
Tulad ng mesa at upuan
Pulga-pulgada ba itong
pag-alala
At senti-sentimetro ng pagsamba

Wika nila, kilo-kilometro itong
pagdurusa
At dipa-dipang pakikibaka

Nang mahalin kita,
Sinukat ko ito sa wala.
Mas nais kong lumikha ng
tahanang
May buhong ng pangarap,
May dingding ng pagtitiyaga,
At may bakod ng pang-unawa.

Upang sa laob nito, pagpasak
mo,
Madama mong ang walang
hanggan ay di sinusukat.

- Ferdinand Pisigan Jarin
1/24/2007

ALAM MO BA ANG LATEST?

May WEBSITE na ang PUNLAD!

True ito, hindi joke! Mag-log sa <http://punlad.tripod.com>. Magsign-in sa aming guestbook at iparating sa amin ang inyong mga hinaing, puna, suhestiyon at kung ano pang anik-anik. Kung interesting ang iyong blog ilalabas namin ito sa PUNLAD. Kaya mga kapuso, kapamilya, kabarkada at kQ at kung ano man ang channel mo, makiblog na!

ERRATUM:

We would like to apologize for the error in the headline last issue that read LSGHSAA Sponsors Blood-for-a-Cause. LSGHSAA should have been LSGHAA for La Salle Green Hills Alumni Association, we are sorry for the inconvenience and error committed.

APEX: Isang

Naiibang Paglalakbay

Ibinahagi ni Daniel Benito – 5A

October 29, 2006 ng umaga ay maagang nagsidating sa Pier 12 ang tatlumput-anim (36) na mag-aaral ng ANHS mula sa Non-Formal Education (NFE) at Formal Education kasama ang tatlong (3) guro na sina Bb. Mercy Andrade, Bb. Ria Aguilar at Bb. Jackeline Matanguihan at ang NFE Coordinator na si Gng. Rosemarie Katipunan para sumakay ng SuperFerry #12. Ang aming destinasyon – ang makasaysayang lungsod ng Cebu.

Ang pakay ng grupo ay upang magsagawa ng on-the-Job Training (OJT) sa barko ang mga mag-aaral ng Hotel Restaurant and Food Service o HRFS. Ang nasabing programa na tinatawag na Apprenticeship by Experience Program o APEX na aabot ng tatlong araw ay naglalayong mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral ng HRFS na masubukan ang pagsisilbi sa isang Cruise Line o Barko. Ang programa ay isang suhestiyon na ibinigay na Bb. Andrade sa ANHS tatlong taon na ang nakararaan. Bagamat hindi na ito isang bagong uri ng pagsasanay para sa mga mag-aaral ng HRFS, ay isa itong kakaibang pagkakataon para sa mga katulad naming na nasa Formal Education.

Ang programa ay nahahati sa tatlo, una naming ginawa ay ang Basic Safety Onboard (Oral). Binigyan kami ng orientation ni G. Robert Vallio isang APEX Instructor na nakasama namin ng tatlong araw ang nagsilbing tagapagturo ng pagsasanay. Sa conference room kung saan ginawa ang orientation ay tinalakay namin ang maikling kasaysayan ng barko (Super Ferry), ang mga polisiya ng barko, ang paraan ng tamang pagsusuot ng *life jacket*, at mga lugar na ipinagbabawal puntahan habang nagsasanay.

Ang sumunod na programa ay tinawag na Vessel Familiarization kung saan nilibot naming ang buong barko simula sa First Class Rooms hanggang sa mga Economy Rooms. Binisita rin namin maging ang Engine Room kung nasaan ang kapitan at ang mga kasama nitong nagpapakabo ng barko. Naging mahaba ang ginawang pag-iikot dahil isinabay na rin dito Safety Board Orientation. Nakapaloob sa nasabing orientasyon ang mga polisiya sa mga lugar na ipinagbabawal sa amin.

Sinundan ito ng isang demonstration ng ilang mga crew members sa amin ukol sa mga pangunahing gawain sa aming nakatakdang OJT.

Ipinakita sa amin kung paano magsilbi sa Bar bilang barista, sa Front Desk para tumanggap ng mga reklamo at iba pang pangangailangan at serbisyo sa barko at kung papaano harapin o i-handle ang mga pasahero. Ipinaliwanag din sa amin ang mga gawain ng isang Housekeeper tulad ng kung paano maglinis ng mga silid, magpalit at mag-

ayos ng mga kobre-kama, at lalo na kung paano kumilos ng mabilis dahil sa dami ng silid na kailangang linisin lalo na kung ang barko ay malapit nang maglayag.

Kumain ng mahabang oras ang mga nasabing gawain kaya't kinulang kami sa oras kaya ipinagpabukas na ang aming aktuwal na pagsasanay. Naging makabuluhan ang buong araw na inalagi naming sa barko sa dami n gaming natutunan mula sa mga mababait at magagaling na crew.

Kinagabihan para maaliw kami ay nagtungo kami sa Videoke na nasa Food Court ng Barko upang makinig sa paligsahan sa pag-awit ng ilang mga pasahero. At upang higit na maging masaya ay nakisali kami sa paligsahan. Dalawa sa aming mga kasamahan ang sumali sa pag-awit. Isa na rito si Gng. Katipunan na umawit ng *Breathless* ng *The Corrs*. Lubos na nasiyahan ang mga mag-aaral sa pag-awit ni Miss Marie na tunay namang iniwan ang mga mag-aaral na *breathless*.

Kinaumagahan ay lumipat kami sa Super Ferry 9 at pinayagan kaming makapag-ikot sa Cebu City para kahit papaano ay makapamasyal at makapamili ng kaunting pasalubong. Bagamat nagmistulang *Amazing Race* ang aming pamamasyal dahil sa maikling oras na aming ginugol, ay naging masaya naman ang aming pag-iikot.

Pagkatapos ng ilang oras na pamamasyal ay sumakay na kaming muli sa Super Ferry 9 kung saan ay opisyal na nagsimula ang aming pagsasanay. Gabi pa lamang ay binigyan na kami nga kani-kanyang trabaho tulad pagiging housekeeper sa Economy at First Class Rooms at pagsisilbi ng pagkain sa mga bisita.

Nang nagsimulang maglayag ang barko pabalik ng Maynila ay nagsimula na ang aming pagsasanay. Binigyan kami ni G. Vallio ng kanya-kanyang trabaho sa iba't ibang bahagi ng barko. Masasabi kong swerte ako dahil sa Horizon Restaurant ako nalagay. Isa itong restaurant para sa First Class at Business Class na mga pasahero. Nalagay ako sa isang de-aircon na lugar na hindi katulad ng kainan sa Economy Section na walang air-con at idagdag pa ang 900+ na katao ang kumakain na nakapagdaragdag pa sa init. Samantalang ang Horizon na tumatanggap lamang ng 400+ na customer.

Nagsimula ang aking duty ng alas diyes ng umaga. Medyo ninenerbiyos ako dahil first time kong maging waiter at sa dami ng kakain ay hindi pa ako sanay. Madalas ay nagtatanong ako sa mga kasama kong waiter kung mayroon akong hindi maintindihan. Buti na lang at mabait lahat ng crew maging ang dishwasher.

Isa sa mga di ko makalilimutang experience ay ng kausapin ako sa salitang Visaya ng mga pasahero. Hindi ko sila maintindihan. Napakamot ako ng ulo at hiniling na kausapin ako sa Tagalog.

Napapangiti ang mga kostumer na nakakausap ko sa tuwing sasabihin kong Tagalugin nila.

Nasa 400+ ang kumain sa Horizon sa panahon ng aming pagsasanay at anim hanggang pito lamang kaming nagsisilbi sa kanila kaya't sobrang nakakapagod ang pagsasanay.




Naatasan akong magsilbi ng pagkain sa mga guro na nakasama namin sa tatlong araw na pagsasanay. Bagamat kabado ay naging maayos naman ang kabuuan ng aking pagsasanay at ng iba ko pang kasama. Bago matapos ang pagsasanay ay muli kaming pinulong ni G. Vallio. Ipinaalam niya sa amin na bago namin tanggapin ang katibayan ng aming pagsasanay ay kailangan naming maghanda ng isang maikling palatuntunan na magtatampok ng aming mga itinatagong talento. Kaya'y pagkatapos ng aming mga duty ay agad kaming nagpulong upang maghanda ng isang presentasyon. Hinati kami sa dalawang grupo, ang Formal at NFE. Nagbigay ng suhestiyon si Bb. Aguilar ukol sa aming ipakikitang presentasyon kinumagahan. Inabot kami ng halos dalawang oras sa pagpapalano at paghahanda para sa presentasyon.

Sa sumunod na araw ay kabado kami sa maikling pagtatanghal na masasaksihan ng ilang crew ng barko at ng may-ari ng Horizon Restaurant. Ang nasabing gawain ay bahagi ng programa ng Super Ferry para sa mga nagsasanay na kagaya namin. Bagamat kabado ay nagawa naming ipakita ang inihandang sayaw ng aming grupo sa Formal at ang awiting pinaghandaan naman ng grupo ng NFE. Bago natapos ang presentasyon ay tinanggap namin ang katibayan ng aming tatlong araw na pagsasanay sa barko. Muling kinuha ng aming guro sa HRFS ang mga certificates at sinabing iaabot ito sa aming muli sa araw ng aming pagtatapos sa ANHS.

First time kong sumakay sa isang malaking barko at tumagal ito ng tatlong araw. Doon ko naranasan ang kakaibang uri ng buhay marahil siguro ay nasanay lang ako sa buhay sa lupa at hindi sa pagbaybay sa dagat.

Biglang sumagi sa isip ko at pansamantalang naramdaman ang buhay ng isang seaman. Bigla kong na-miss ang aking pamilya, ang aming tahanan. Lalo kong naisip ang hirap ng buhay sa barko ng makakuwentuhan namin ang ilang crew ng barko. Mahirap daw sa umpisa pero sanayan lamang daw. Dagdag pa nila, bago ka daw makapag day-off ay matagal ang panahon na iyong hihintayin depende raw sa schedule ng barko.

Sa pagtatapos, tunay na isang naiibang paglalakbay ang naranasan ko at ng aking mga kasama sa tatlong araw na APEX. Kakaibang karanasan na sana'y maranasan rin ng ibang mag-aaral na tulad ko. Isang makabuluhang paglalayag na magiging bahagi ng buhay mag-aaral ko sa Adult Night High School.



TINIG sa GABI

Sa nalalapit na halalan sa Mayo ng taong ito ay muling masusubukan ang karapatan ng mga Pilipino na iluklok sa puwesto ang karapat-dapat na pinuno. Bagamat marami sa atin ang nag-iisip sa tunay na layunin ng mga politiko sa kanilang pagtakbo ay umaasa pa rin tayong magiging maayos ang darating na halalan at na sana ay makapamilya tayo ng taong tunay na magsisilbi sa bayan at hindi mga opisyal na tanging ang magpayaman lamang ang hangarin. Pagod na na si Juan dela Cruz. Kung kaya’t sa pagbabalik ng aming *Tinig sa Gabi* na kinapapalooban ng mga kasagutan ng mga mag-aaral ng ANHS sa isang katanungan: “Kung bibigyan ka ng pagkakataon na bumoto, boboto ka ba o hindi? Bakit?” Nagtanung-tanung kami sa mga piling mag-aaral sa bawat pangkat sa Formal at ilang mag-aaral ng NFE. At narito ang kanilang mga kasagutan. Nais lamang naming ipaalam na ang opinyon ng mga mag-aaral ay hindi nagpapakita ng kabuuang opinyon ng bawat klase o ng pamunuan ng ANHS o maging ng PUNLAD. Ang lahat ng ito ay personal na opinyon lamang ng bawat mag-aaral na aming tinanong.

“Boboto po ako sa darating na halalan. Para po maipahayag ko o masuportahan ko ang sinumang tatakbo na alam kong karapat-dapat sa tungkuling kanyang ninanais. At para matuto akong manindigan sa pamamalakad na kanilang gagawin sa ating bansa.”

Agustina Romua-5A

“Oo, boboto po ako sa mga kandidatong karapatdapat lang na manalo.”

Aileen Chavenia-2B

“Ako hindi kasi wala pa ako sa tamang edad para bumoto. Pag nasa tamang edad na lang ako boboto at isa pa hindi ako sigurado sa iboboto kong tao kung gagampanan niya ng maayos at tapat ang kanyang responsabilidad sa kanyang pwesto sa senado”

Aldrin Detablan-1B

“Hindi ako boboto ngayon kasi nakita ko sa mga pulitiko natin ngayon na isa lang ang kanilang mga sinasabi pagkatapos puro pangako na lagi namang napapako. Halimbawa nalang sa mga lugar namin sa District 2 ng QC, pag-oras ng eleksyon ang daming pulitikong nangangako, kapag nanalo na di mo na makikita ang mukha. Kaya hindi po ako boboto”

Alicia Manese -3A

“Oo, boboto ako dahil mahalaga ang boto ko at para makatulong ako sa mga kapwa ko mag-aaral.”

Alvin Mark Saleo - 5B

“Boboto po kasi karapatan ko yun bilang Filipino.”

Annaliza dela Cruz-4A

“Oo, upang sa gayon ay makapili ako ng tamang kandidato para maglingkod sa bansa.”

April Arabelle Mallari-3A

“I will not vote because I’m not registered”

Cherel Cullantes-2A

“Boboto po syempre, kasi sayang yong boto. Kailangan mong ipakita na Pilipino ka. Pag hindi ka bumoto sayang”

Ednor Gaddi
NFE-Computer Office Automation

“Boboto po dahil gusto kung malaman kung sino ang magaling sa kanilang lahat”

Francisco Zingapan-3B

“Oo, boboto ako, sapagkat karapatan kong makibahagi para pumili ng mamumuno sa ating bansa.”

Franz Vernie Rubio - 4B

“Hindi ako boboto kasi hindi ako rehistrado. Kung rehistrado boboto kasi karapatan natin yun”

George Red NFE
Computer Repair

“Yes, because I just want to vote politicians who are industrious and responsible and able to help Deaf people.”

Jillian Mae Ordaniel -3C
Deaf Student

“Yes to National Election. Karapatan ng bawa’t mamamayang Pilipino na may kapasidad upang bumoto na gamitin ang kanyang “Right of Suffrage” upang maiparating o maipaabot natin sa mga mapili nating mga tagapamahala ang ating mga suliranin at mungkahi. Papaano natin maipapahayag ang ating mga niloob kung tayo ay hindi makikilahok sa mga isyu at suliranin ng ating bansa?”

Lydia Borja -4A

“Bakit ako boboto nitong National Election? Boboto para makapahayag ako ng aking karapatan bilang isang mamamayan.”

Ma. Luz Paquingan-1B

“Ang pulitika ay talagang mayroon sa buong mundo kaya nagkakaroon ng eleksyon para pumili tayo ng karapat-dapat na tao sa ating bansa. Ang pagboto natin ay tungkulin natin sa ating bansa, na dapat nating gawin para piliin ang taong dapat pagtiwalaan natin.”

Manuel Mariano-2C

“Sa darating na election bumoto tayo. Karapatan iyon bilang mamamayan. Piliin natin ang mga tao na makatao at maka-Diyos. Bumuto tayong lahat dahil karapatan natin.”

Matilde Ricalde-3C

“Hindi ako boboto dahil hindi ako botante at wala naman akong alam sa mga ganyan”

Michelle Libre -1A

“Boboto ako, iboto ang karapat-dapat. Maging matalino sa pagboto”

Morlino Sabado-3B

“Yes, boboto ako dahil gusto ko pang ibahagi ang aking karapatan bilang mamayan at iboto ang tamang kandidato at huwag padala sa sinasabi ng iba. Iboto ang nararapat.”

Purificacion Legaspi-5A

“Boboto ako dahil alam ko ito lang ang maililingkod ko sa pamahalaan at sa eleksyon.”

Raymund Cruz -4C

“Boboto po ako para makatulong sa mga na-elect at mapanatiling maayos ang regulasyon dito sa ANHS.”

Rommel Rebana -2B

“Oo, upang maboto ko ang gusto kong mamuno sa atin at upang mapalitan ang kasalukuyang namumuno at nang magkaroon ng pagbabago ang sistema ng ating bansa na kailangan natin ngayon.”

Shiela Mae Casas-4A

“Yes, I will definitely vote. It is my right as a citizen of our nation and I want to always exercise my right when needed. Despite all political turmoil, I still choose to vote. I do not want to belong to those who do not make a choice and those who are full of excuses. I believe that there is hope for this nation and God is the hope of the Philippines.”

Teresita Dionglay -2A

“Opo boboto ako para suportahan ang aking gusto sa 2007. At para maganda ang kanyang magagawa para sa atin.”

Charity Cabasares – 2C

Unang Mr. & Miss ANHS Itinanghal NFE Fair 2007 Matagumpay na Ipinagdiwang

Ni Welma Bonbon – 2A



"First time, ever in the ANHS history that we have the search for Mr. & Ms. ANHS 2007"

Ito ang pambungad na pananalita ng mga guro ng palatuntunan ng gabing iyon na sina G. Rey Ducay at Gng. Teresita Gutierrez. Sinalubong ng masigabong palakpakan ng mga manonood, guro, panauhin at mga mag-aaral ng Adult Night High School ang pagdiriwang ng gabi noong ika-26 ng Enero taong kasalukuyan.

Pagkatapos ng pambungad na panalangin na pinangunahan ni G. Robert Kleist at sinundan ng pag-awit ng Pambansang Awit ay nagsimula na ang hindi magkamayaw na sigawan. Kanyang-kanyang 'manok' ang isinisigaw ng bawat panig,

Kabi-kabilang cheer, palakpakan, tili, sipol, at padyak ng paa ang tanging maririnig ng mga oras na iyon. Napaka-saya at halos ayaw nang matapos ang makulay na pagdiriwang sa gabi ng kauna-unahang Search for Mr. & Miss ANHS 2007.

Tilian at sigawan muli ang mga manonood nang tawagin ang mga hurado ng paligsahan na sina G. Jabo Menes, isang artista mula sa bakuran ng GMA 7 at bahagi ng cast ng Daisy Siyete, si Bb. Apple Martinez isang Free Lance Fashion designer at ang Punong Hurado na si G. Gener Gozum isang kilalang fashion designer sa bansa ngayon.

Isang pares ng kalahok mula sa limang antas sa Formal Education at dalawang pares naman sa Non-Formal Education (NFE) ang nagtunggali sa anim na pinakamataas na karangalan sa gabing iyon.



Mga mag-aaral ng HRFS sa kanilang Cafe.

Ayon kay Bb. Jackeline Matanguihan, guro ng NFE, tulad din ng Moda Fashionista nang nakaraang taon ay halos katulad din ang ginawang paghahanda. Nariyan ang halos gabi-gabing pag-ee-sayo ng mg kalahok, paghahanda ng gagamiting kasuotan ng mga kalahok. Pinangungunahan ni Gng. Millet Martinez, guro ng Dressmaking at Tailoring at ng kanyang mga estudyante, ang paggawa at paghahanda ng mga naggagandahang mga long gown, casual wear, formal wear at mga Barong para sa gabing iyon.

Pinaghandaan din ng husto ng klase ng Cosmetology kung paano nila pagandahin ng husto ang mga kalahok, sa pangunguna ni G. Gerry Borja, guro sa Cosmetology. Nagmistulang mga propesyunal na make-up artist at hairstylist ng mga kalahok ang bawat mag-aaral sa Cosmetology para sa nasabing patimpalak.

Sa gabing iyon ay nasaksihan ang tagisan ng ganda at talino ng mga kalahok. Dumaan sa Question and Answer (Q&A) ang mga naggagandahan at nagagwapuhang mga kalahok upang malaman kung sino ang karapat-dapat tangahaling Mr. & Miss ANHS. Isa sa nagmarkang tanong ng gabing iyon ay ang tanong na "Maituturing mo ba ang iyong sarili na isang pinuno o tagasunod?" (Would you consider your self a leader? Or a follower?) na napili ng kalahok na si Alfonso Reyes kinatawan ng ikalawang taon. Tinugunan naman ng kalahok ang tanong ng, "Mas gugustuhin ko pong maging follower dahil, kung ikaw ay mabuting tagasunod, magiging isa ka ring mabuting tagapagpasunod."

Hindi nagtagal ay dumating rin ang pinakahihintay ng lahat, ang pagbibigay karangalan sa mga karapat-dapat na kalahok. Itinanghal bilang kauna-unahang nakapag-uwing titulong Mr. ANHS ay si Jaypee Dela Cruz at Miss ANHS si Baby Jean Carro, parehong mag-aaral ng NFE. Nakuha naman nina

Alfonso Reyes ng 2A at Rachel Bonguet ng 4B ang 1st Runner-Up at sina ay Maiche Nacar ng 1A at Joe Franz Peralta ng 3C bilang 2nd Runner-Up.

Nag-uwi naman ng special awards tulad ng Mr. & Miss Talent sina Geralyn Monteseven ng 2A at Jaypee Dela Cruz ng NFE; Mr. & Miss Photogenic sina Joe Franz Peralta ng 3C at Euleen Batis La-on ng NFE at Best in Casual Wear ay sina Christopher Tena ng NFE.

Sa panayam kay Bb. Jackeline Matanguihan, guro ng Computer, ang search ang pinaka-highlight ng isang

linggong pagdiriwang ng NFE Fair sa taong ito. Dagdag pa niya, ay napag-desisyunan ng mga guro sa NFE sa pangunguna ni Gng. Rosemarie Katipunan, Taga pag-ugnay ng NFE na subukan ang ganitong paligsahan, at

hindi naman sila nabigo sa magandang kinalabasan. Sa katunayan ay pinaplano pa rin nilang ulitin ang patimpalak na tulad nito sa mga susunod na NFE Fair.

Bago naganap ang nasabing search ay opisyal na inilunsad ang Fair noong ika-22 ng Enero. Sapagbubukas ng nasabing pagdiriwang ay isinagawa ang naiiba at nakaka-excite na "Skills Festival". Sa kauna-unahang pagkakataon din ay naging kalahok ang ilang mga guro na sina Bb. Tess Tan para sa cooking, Bb. Kristie Sarmiento para sa Hand Stitching, G. Robert Kleist para sa Speed Typing, Bb. Ria Aguilar para sa Make-up Application, G. John Co para sa Electric Circuit Game at Bb. Junelyn Domingo para sa Table Setting. Ang kanilang nakatunggali ay ang mga mag-aaral na mula sa ibat-ibang antas. Nagwagi sa nasabing paligsahan ang Team 3 ng mga guro.

Pagkatapos ng palaro ay isinagawa ang ribbon cutting na pinangungunahan nina na Bb. Teresita V. Gorayeb, Punong-guro, G. Rheel D Dayrit, Tagapag-ugnay Pang-akademiko, Gng. Rosemarie V. Katipunan, Tagapag-ugnay ng NFE, at opisyal na binuksan



Ang mga inampalan (mula kaliwa-kanan) G. Jabo Menes, Bb. Apple Martinez at G. Gener Gozum.

ang pagdiriwang. Kasabay din nito ang pagbubukas ng mga Exhibit ng mga kurso sa NFE na nagtanghal ng mga proyekto at produkto ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga nasa Exhibit ang NFE-CDP Photo Exhibit, HRFS Cafe, Cooking and Baking Food Booth, at ang Basic Accounting/ Bookkeeping Mini-Bazaar.

Nagkaroon din ng isang "Career Fest" na isinakatuparan noong ika-23 ng Enero. Inanyayahan sa nasabing fest ang mga resource speakers tulad ng auto-technician, cosmetologist/ salon owner, cook/chef, Hotel staff, Aircon/ refrigerator technician, computer technician, web designer/graphic illustrator, office receptionist/secretary/ bookkeeper at accountant. Ang mga interesadong mag-aaral ay binigyan ng pagkakataong mamili ng "talk" na kanilang dinaluhan. Ang nabanggit na seminar ay isinagawa sa ibat-ibang silid sa gusali ng NFE at High School.

Sa ikatlong araw ng pagdiriwang, ika-24 ng Enero, ay nagkaroon ng Job Fair. Dito ay binigyang pagkakataong makapag-apply ang mga magtatapos ngayong taon ito, tulad ng 5th year at NFE. Ang proyekto ay binuo ng HRD-Centro Operation at ng ANHS sa pangunguna nila Bb. Josefina Biscocho, Guidance Counselor ng Unang Taon at NFE at Gng. Mary Jane Belen, Guidance Counselor ng ikalawa hanggang ikalimang taon. Layunin ng ng Fair na magkaroon ng trabaho o On-the-Job Training (OJT) ang mga mag-aaral na nakatakdang magmartsa ngayong taon. Dinaluhan ang Job Fair ng labinlimang (15) pribadong kompanya. Kabilang sa mga dumating ay ang, Albert Mutuc Hair Salon, Avon, Chili's Grill and Bar, City Service Corp., Red Ribbon, Fil-state Inc., French Baker, Kalayaan Engineering Co. Inc., Kusinero ng Pinoy, McDonalds, Park 'N Ride Inc., Reyes Hair Cutters, Solid Electronics Corp., Love Electronics, at ang Par Out Sourcing, Inc. Isinagawa sa St. Joseph Theater ang Career Fest at tumagal ng mula ika-6 hanggang ika-9 ng gabi.

E-biz@PEA Raffle Draw Held

By Mary Gen Ledesma – 3A

"Nanalo ka na...kikita ka pa," was the apt tagline used for the recent Parents'-Employers Association (PEA) annual raffle in the Adult Night High School. Held last January 25, 2007 at the St. Joseph Theater, a total of 38 minor and major prizes were drawn in the said raffle.

Students were very excited during the one-hour raffle sponsored by the PEA Board. The night became more exciting with the arrival of two special guests. Two members of the band "True

Faith", Medwin and its keyboardist rendered three of their songs Perfect, Huwag na Lang Kaya and Dahil Ikaw.

The raffle included minor prizes such as gift certificates, mugs, kitchen appliances, washing machine among others. Prizes were drawn from the small items to the three major awards. The major prize, a computer unit with Internet connection was won by Marichu Arevalo and sold by solicitor Renalyn Ollague of 5A. The second prize, a Videoke Machine was won by Emily Pentojo a student from the NFE. While the 3rd Prize, a Cellular Phone or Mobile Plus which allows the winner to sell cellphone loads to all networks as well as prepaid internet cards was won by Jacklyn Leynes and sold by Ross Dumo of 5A.

Miss Teresita V. Gorayeb, Principal of ANHS shared that this year's raffle was very successful compared to last year's raffle in terms of the ticket sales turn out. She also added that this year, all the mem-

bers of the PEA Board led by its president Mrs. Isabelina Ilarde worked really hard for the project. Miss Gorayeb extended her heartfelt gratitude for the cooperation extended by her co-administrators, teachers, and the students.

The PEA raffle which began in 2001 is now on its fifth year. This year's raffle was thought of by the board primarily for the benefit and needs of the students in the night school. Unlike in the previous years were prizes included cellular phones, this year's prizes was aimed at helping the students start a small business where they can both learn and earn.

Aside from the raffle, the PEA Board also awarded the winners of the top class solicitors and top individual solicitors to five classes and four individual solicitors this year. Five classes who received cash prizes include, section 5A under Miss Tess Tan (1st), section 5B under Mr. Leodivico Lacsamana (2nd), the NFE Accounting

Class under Mr. Carlo Legaspi (3rd), section 1A under Miss Junelyn Domingo (4th) and section 3B under Mr. Rey Ducay (5th). While



And the winners are...Mrs. Rosemarie Katipunan draws winners for the raffle as Miss Gorayeb (left), Mr. Paredes (middle) and Mr. Dayrit (right) looks on.

Baby Legaspi of 5A, Rodolfo Reyes from the NFE, Ross Dumo of 5A and Lornie Millang of 5B, were announced as 1st, 2nd, 3rd and 4th in the Top Individual Solicitors Category. The top solicitors in the class and individual categories all received cash prizes from the PEA.

This year's PEA Board is composed of Mrs. Isabelina Ilarde (President), Mrs. Lilian Lava (Vice President), Mr. Edgardo Beltran (Secretary), Mr. Vanni Campomanes (Treasurer), Mr. Luisito Paredes (PRO), Miss Susan Enriquez (Business Manager), Miss Virginia Peñalosa (Auditor), and Dr. Antonio Zaragosa (Ex-Officio).



This year's hardworking Parents'-Employers' Association (PEA) Board of Officers